

## Kadalasang Mga Tanong

**Paano ko matutulungan ang aking anak na ipagpatuloy ang kanyang pag-unlad sa unang lengguwahe?**

Ipagpatuloy na gamitin ang lengguwahe sa loob ng bahay at palaging may nakahandang aklat-aralin sa sariling wika.

**Pinagha- halo ng aking anak ang mga lengguwahe. Kailangan ba akong mangamba?**

Karaniwan lang na pinaghahalo-halo ng mga bata ang lengguwahe; hindi ito ibig sabihin na sila ay nalilito – ginagamit lang nila ang lahat ng kanilang nalalaman upang maipahayag nila ang kanilang sarili.

**Kinakausap lang ako ng aking anak sa wikang Ingles. Ano ang dapat kong gawin?**

Gawain ito ng karamihang mga bata, lalong lalo na pag alam nilang nakakaintindi ng husto ang kanilang magulang sa wikang Ingles. Kaya nilang bumalik sa

unang wika sa sa oras na gusto nila, basta lamang na kausapin sila ng kanilang mga magulang sa unang lengguwahe sa loob ng bahay.


**Ang aking anak ay hindi gaanong nagsasalita ng Ingles sa loob ng eskuwelahan. Kailangan bang umpisahan kong kausapin siya ng Ingles sa loob ng bahay?**

Karamihan sa mga bata ay tumatangging gamitin ang panibagong lengguwahe sa loob ng maikling panahon, maaring dahil sila ay nahihya o kaya ayaw nilang magsalita pa hanggat alam nilang kaya na nila. Respetuhin natin itong “ katahimikan “. Ipagpatuloy na gamitin ang unang wika, at kung hindi, mawawala lahat ang kanilang kinalaman tungkol sa kanilang

## Karagdagang Impormasyon

[www.hants.gov.uk/emtas](http://www.hants.gov.uk/emtas)

**Pagpapalaki ng anak na may dalawang klase na Lengguwahe** (Bringing up your children bilingually)



## Batay sa Pagsaliksik

Karamihan sa mga bata na may dalawang lengguwahe ay:

- magaling sa eskuwelahan
- mas mataas ang kanilang grado sa lahat ng eksamen
- mas madaling matuto ng pangatlong wika
- mas mabilis umunlad ang kanilang abilidad sa lengguwahe ng eskuwelahan kung papasok sila sa paaralan na may matatag na pondasyon batay sa sariling wika
- uunlad lalo ang kanilang pag – iisip sa pamamagitan ng pagkuha ng impormasyon batay sa dalawang klase ng lengguwahe
- mas mabilis matutong bumasa
- mas magaling sa paglutas ng problema at nakakapag – pahayag ng malawak na paglikha
- mapagpaubaya sa pagpapahayag ng kaugalian sa ibang tao

## Mga Kabutihan ng may Dalawang klaseng lengguwahe

Sa pamamagitan ng paggamit ng dalawa o higit pang lengguwahe ay nadadagdagan ang karunungan ng tao, mas malawak ang kanilang mapagpipilian sa paghanap ng trabaho.

‘Mas mabisang matuto ng Ingles ang mga bata kung sabay nilang ipagpatuloy ang pag – aaral ng kanilang unang lengguwahe.’

Ang taong may dalawang wika ay nakakatulong sa pag – puri sa sarili, nagbibigay pabor sa mga bata at maganda ang kanilang pakiramdam sa sarili.

Ang taong may dalawang wika ay binibigyan ng paraan sa pagtangkilik ng dalawang klaseng kultura at nakakapagtatag ng paumanhin sa ibang kultura.

Hindi mawawala ang sariling kultura ng bata kung ipinagkaka – puri nila ito, o kaya positibo sila sa kanilang sariling wika at kultura. Sa pamamagitan ng pakikipag – usap sa kanilang mga lolo at lola, makakatulong ito sa pag – unlad ng kanilang kinalaman ng iba’t ibang kamag – anak.

Kapag ang mga magulang ay nagsasalita ng ibang lengguwahe, ang batang may dalawang wika ay kayang makipag – ugnay at mapalapit ang kanilag relasyon sa magulang. Ang mga magulang ang nagpapasa sa kanilang mga anak ano man ang kanilang nakaraan at mga namana.

## Payo sa mga magulang

laging kausapin ang inyong anak sa inyong

sariling wika, kahit hindi ito gaanong maintindihan ng bata.

- turuan ang inyong anak ng mga salawikain, o mga kanta sa sariling wika.
- Basahan ng istorya ang inyong anak sa sariling wika para maramdaman nila ang pag – puri sa sarili at upang mapanatili ang kanilang kinalaman sa sariling wika at sa mga na mana.
- Huwag matakot kausapin ang inyong anak sa ano mang lugar o sa publiko.
- Dalhin ang inyong anak sa mga pagsalo, kung saan maririnig nila na nag – uusap ang mga tao sa kanilang sariling wika at kung saan nila maalala ang kanilang sariling kultura.
- Huwag tawanan o tuksuin ang inyong anak kung dahil lang sa kanilang tono o ano mang pagkakamali nila.
- Batay sa pagsaliksik, ang mga batang natutong umunawa at kagalingan nila